# Mahabaging Tainga

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis. Techie Rodriguez
Setyembre 02, 2023

May mga taong higit na marunong makinig kaysa sa iba. Sa kabaligtaran, may mga iba namang mas gusto ang magsalita. Kung hindi tayo makinig, may panganib na may makaligtaan tayong mahahalagang impormasyon at nakasisira ng relasyon. Ang taong may mahabaging tainga ay totoong interesado sa ibang tao. Sa ating relasyon sa Diyos, kailangang lubos natin Siyang makilala at makipag-ugnayan sa Kanya. Kaya, kung gusto talaga nating makinig sa Kanya, kailangang kilala natin ang Kanyang tinig (Jn10:4-5; Jn 10:27).

**1. Bakit parang nakikipaglaban tayo kung nagdarasal?** Napakahalaga na maglaan ng sapat na oras sa Diyos. Maraming tukso si Satanas na makakaabala sa atin. Marami tayong napapakinggang boses araw-araw:

1) Ang Tinig ng Diyos (1 Juan 4)
2) Ang Mundo
3) Ang Boses ng Kalaban
4) Ang Sarili (ang pinakamahirap na hindi pakinggan).

**2. Pakikinig sa Tinig ng Diyos**

1. Sa 1Sam3, tinawag si Samuel ng Diyos ng tatlong beses. Hindi niya nakilala ang tinig ng Diyos. Sinabi ni Eli paano niya sagutin ang Diyos, "Magsalita po kayo Panginoon, nakikinig ang iyong lingkod"
2. Kung nais nating marinig ang tinig ng Diyos, mapapakinggan natin Siya kahit saan, dapat maging malapit tayo sa Kanya upang maunawaan natin kung ito ay ang Kanyang tinig (Santiago 4:8).
3. Sa mapayapang oras natin sa Diyos, kailangan natin ang Bibliya, *journa*l at panulat, at makinig ng malulumanay na tugtugin.
4. Kapag tinawag tayo ng Diyos, mabuting makinig lamang tayo (Awit 121:4). Tinatawag tayo upang gawin ang mga bagay na minsan hindi pasok sa ating iskedyul; hindi akma sa ating mga nakatakdang gawain. Tinawag tayo upang gawin kung ano ang tama, hindi kung ano ang sikat. Tinatawag tayo upang sumunod sa Kanyang ispiritwal na batas, hindi sa batas ng tao.
5. Paano natin mapaglalabanan ang pamantayan ng mundo?
   5.1 Kailangang maglaan tayo ng oras para makinig sa Diyos. Matuto tayong tumigil sumandali at tanungin ang Diyos (bakit hinahayaan Niyang mangyari ang mga bagay-bagay).
   5.2 Gusto ng Diyos na hangarin natin Siya. Kung talagang nakikinig tayo sa Kanya, susunod tayo sa Kanyang mga utos.
   5.3 Kausapin natin Siya sa ating mga panalangin, magbasa ng Bibliya at makinig/matuto sa ibang mga Kristiyano.

**3. Kung tahimik tayo sa harap ng Diyos, nangungusap Siya sa ating puso. Paano tayo higit na makapakinig nang mabuti sa Diyos?**

1**. UMASA**. Dapat umasa tayo sa Diyos (Jer.33:3). Tawagin Siya, at tumahimik. Mas mahaba ang pakikinig kaysa sa pagsasalita. Hindi Siya nangungusap sa taong suwail. Umaasa Siya ng aksyon mula sa atin, at Siya ang magpupuno.
2**. TAHIMIK.** Manatili. (Awit 46:10). Hayaan natin Siyang magsalita. Hindi Niya kailangan ang anumang mungkahi natin. Magtiwala at sundin Siya (Awit 62:8).
3. **IHAYAG LAHAT.** Tuturuan Niya tayo at gagabayan, ngunit sasawayin, itutuwid ang ating pamamaraan (2Tim.3:16-17). Mahalaga na sumunod tayo kapag tayo ay iniwawasto.

**Konklusyon:**

Ngayon, "kung narinig ninyo ang tinig ng Diyos, huwag maging matigas ang inyong puso" (Hebreo 3:15). Kung tayo ay ganap na sumusunod sa Diyos, mapapasaatin ang lahat ng Kanyang kabutihan/ pagpapala (Deut.28).

**Pagninilay:**

1. Mahusay ka bang tagapakinig o mas gusto mong magsalita?
2. Paano ka nakikinig sa Diyos? Mayroon ka bang pook dalanginan (sa bahay/trabaho/paaralan).
3. Papaano mo mapabubuti ang pakikinig mo sa tinig ng Diyos?

**Scribes Ministry:**
**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Tinig ng Diyos,# Pagsunod